Mabini Review
Volume XV, No. 2, 2025

Polytechnic
University of the
Philippines




# SIMPOLOGY: Panimulang Sipat sa Retorika ng mga Piling Bidyo ni Bro. Mike Velarde Gamit ang Prinsipyong Aristotelyano

## *SIMPOLOGY: An Initial Study of the Rhetoric in Selected Videos of Bro. Mike Velarde Using Aristotelian Principles*

Joven B. Makiling
Institute of Arts and Design, University of Makati
joven.makiling@umak.edu.ph

Submit to this journal

Other related articles

Announcements

Other PUP Journals

Article History:

Received: March 23, 2025
Accepted : April 23, 2025
Revised: July 8, 2025

How to Cite this paper:

Makiling, Joven B. "SIMPOLOGY: Panimulang Sipat sa Retorika ng mga Piling Bidyo ni Bro. Mike Velarde Gamit ang Prinsipyong Aristotelyano." *Mabini Review* 15, no. 2 (2025): 227-257. Accessed [Month Day, Year]. https://doi.org.

Other citation formats:

APA MLA

Please contact the publisher for any further use of this work at mabinireview@pup.edu.ph.

Copyright © 2025

CC BY-NC 4.0

# SIMPOLOGY: Panimulang Sipat sa Retorika ng mga Piling Bidyo ni Bro. Mike Velarde Gamit ang Prinsipyong Aristotelyano

## *SIMPOLOGY: An Initial Study of the Rhetoric in Selected Videos of Bro. Mike Velarde Using Aristotelian Principles*

Joven B. Makiling
Institute of Arts and Design, University of Makati
joven.makiling@umak.edu.ph

## Abstrak

Ang pag-aaral ay nakatuon sa retorika ni Bro. Mariano "Mike" Z. Velarde, ang nagtatag ng samahang El Shaddai noong Agosto 1984 sa Pilipinas. Gamit ang lente ni Aristotle, sinuri ang limang playback ng kaniyang Healing Message noong Enero 7 hanggang Pebrero 2, 2023. Nilayon ng pananaliksik na (1) masuri ang kaniyang retorikal na dulog at makita ang hirarkiya nito sa kaniyang talumpati, (2) matukoy ang mga retorikal na tenet at ang hirarkiya ng konsistensi nito sa kaniyang mga talumpati, at (3) mailatag ang retorikal na dulog at tenet at ang kahusayan niya bilang isang laykong mangangaral. Gamit ang metodong pagsusuri sa nilalaman, napatunayan na mababakas ang mga prinsipyong inihahain ni Aristotle sa kaniyang mga talumpati. Lumitaw na sa kontemporaryong panahon, Pathos ang naging salalayan niya para maaabot ang puso ng mga tagapakining habang ang Ethos at Logos ay ginamit niya upang mahiyang ang kaniyang kredibilidad bilang ispiker at masuportahan ang mga argumentong kaniyang inilalahad. Napagtanto rin sa kabuoan ng papel na sa limang tenet ng retorika, naging konsistent siya sa paggamit ng imbensyon, presentasyon, at memorya na naging dahilan para matimpla niya ang mensaheng akma sa kaniyang target na awdiyens. Sa huli, ang kahusayan ni Velarde bilang mananalumpati ay nakasandig sa kaniyang makapagbagbag damdaming mga talumpati na kinasasangkapan ng ma-estrukturang imbensyon, masistemang presentasyon, at matalas na memorya. Ang simpology ni Mike Velarde ang nagdala ng tagumpay sa El Shaddai para sa kanilang pakay na malawakang ebanghelisasyon.

Mga Susing Salita: *Aristotle, Bro. Mike Velarde, El Shaddai, Retorika, Simpology*


© 2025 Makiling, J.B., et al. | ISSN: 2012-2144 (Print) | ISSN: 2546-0757(Online)

## Abstract

*The study focuses on the rhetoric of Bro. Mariano "Mike" Z. Velarde, the founder of the El Shaddai Movement in August 1984 in the Philippines. Using Aristotle's lens, five recordings of his Healing Message from January 7 to February 2, 2023, were analyzed. The research aimed to (1) assess his rhetorical approach and its hierarchy in his speeches, (2) identify the rhetorical tenets and the consistency of their hierarchy in his discourses, and (3) outline his rhetorical approach and tenets, as well as his effectiveness as a lay preacher. Through content analysis, it was confirmed that the principles outlined by Aristotle can be traced in his speeches. It was revealed that during this specific period, Pathos was his primary tool in reaching the hearts of his listeners, while Ethos and Logos were employed to strengthen his credibility as a speaker and support the arguments he presented. The study also found that Velarde consistently utilized three of the five tenets of rhetoric—invention, delivery, and memory—allowing him to craft messages suited to his target audience. In the end, Velarde's excellence as a speaker lies in his emotionally stirring speeches, structured invention, systematic delivery, and sharp memory. Velarde's simpology has been key to the success of El Shaddai in their goal of widespread evangelization.*

Keywords: *Aristotle, Bro. Mike Velarde, El Shaddai, Rhetoric, Simpology*

## INTRODUKSYON

Ang wika ay isang makapangyarihang kasangkapang nagbubuklod sa kolektibong kamalayan ng mga indibidwal na kasapi sa isang sambayanan. Ang mga danas at diskurso ang nagiging instrumento upang maipabatid sa mga tagapakinig ang mensahe at kalaunan ay maipanganak ang hinihirayang pagbabago sa mga tumatanggap nito. Subalit, hindi lang sapat ang wika. Malaki ang ambag ng karisma at pagkatao ng isang ispiker dahil ito ang humuhugis sa wika na nagiging dahilan para sang-ayunan ang kaniyang sinasabi. Sa madaling salita, kung gaano makapangyarihan ang retorikang taglay ng tagapagsalita kasingbigat din ito ng kanyang kredibilidad.

Sa ganitong paraan nakilala si Bro. Mariano "Mike" Z. Velarde, ang nagtatag ng samahang El Shaddai sa Pilipinas noong Agosto 1984. Mula sa misteryosong tinig na narinig niya sa kasagsagsan ng kaniyang pagrerekober

mula sa operasyon sa puso noong Pebrero 1978[1] , naging daan ito upang bagtasin niya ang relihiyosong buhay. Ipinanganak siya sa bayan ng Cataduanes noong Agosto 20, 1939. Nagtapos ng digri sa Geodetic Engineering sa FEATI University, Manila at kalaunan ay tinahak niya ang larang ng real state.

Mula sa iilang nakikinig sa kanyang programang "To God Be the Glory" sa DWXI 1314 AM Khz, lumago ang grupo hindi lamang sa Pilipinas kundi maging sa buong mundo. Sa personal na panayam kay Bro. Ranny Limbo, tinatayang nasa 308,133 ang covenanted members ng samahan na may ID, at mahigit 10 milyon ang non-covenanted members na walang ID pero regular na dumadalo sa mga pagtitipon. Sa ngayon, mayroong 56 Provincial Formation Coordinating Council (PFCC), 235 parish chapters, at 417 sub-centers sa buong Pilipinas; at 70 registered na international chapters na nagpapalaganap ng bisyon at misyon ng El Shaddai[2]. Layunin ng grupo na ihayag sa lahat ang salita ng Diyos para tumanggap ang bawat isa ng kaligtasang alok ng Diyos sa pamamagitan ng Panginoong Hesukristo.[3]

Sa loob ng apat na dekada, hindi maiikubili na maraming Pilipino ang naakay ng grupo at/o ni Bro. Mike na naging daan para mabago ang kanilang buhay, lumaya sa kanilang mga bisyo, gumaling sa kanilang mga karamdaman, pinagyaman, at lalong napalapit sa Diyos. Sinasalamin nito ang epektibong pananalumpati ni Velarde sa kontemporaryong panahon; mga mensaheng nagpapalakas ng pananampalataya at nagbibigay ng pag-asa. Aminado si Velarde na hindi siya eksperto sa salita ng Diyos at wala siyang digri sa teolohiya. Gayunpaman, dahil sa SIMPOLOGY kaya siya nakilala bilang epektibong ispiker. Una niyang ginamit ang salita noong Disyembre 24, 2017; ipinaliwanag niya na kung ano ang sinabi ng Diyos, pinaniniwalaan niya at pinagsusumakitan niyang isabuhay. Mula sa salitang-ugat na "simple", dinalumat niya ito bilang pagbabahagi ng aral sa simpleng pamamaraan na hindi kailangang gawing komplikado sa mga nakikinig para madaling maunawaan ng mga tao.

Bunsod nito, tinangkang sagutin ng pananaliksik na ito ang mga sumusunod na katanungan: (1) Ano ang hirarkiya ng dulog (ethos, pathos, at logos) ang makikita sa mga talumpati ni Velarde?; (2) Ano ang hirarkiya ng konsistensi sa paggamit ni Velarde sa limang tenet ng retorika; at (3) Paano maipapaliwanag gamit ang dulog at tenet ang kahusayang ng talumpati ni

---

1 Mariano Velarde, "A Healing and Renewal Miracle," in *With El Shaddai Miracles are Forever* (Manila: El Shaddai DWXI-Prayer Partners Fellowship International, Inc., 2009), 41.

2 Ranny Limbo, Letter to Joven Makiling, "Bisyon at Misyon Ng El Shadai" (n.d.).

3 Mariano Velarde, "General Pastoral Guidelines and Omnibus Administrative Code for Service Volunteer Worker" (1997), 8.

Velarde?. Mula rito, nakapagbalangkas ang mananaliksik ng mas pinagyamang retorika ni Aristotle sa isang relihiyong lider.

Mahalaga ang papel dahil sa tatlong katuwiran: (1) nagbibigay-linaw ang pagsusuri sa talumpati ni Velarde para maipakita kung paano niya epektibong naipapahayag ang mga turo ng Simbahang Katolika sa mas malawak na sektor ng lipunan; (2) isa itong espasyo para mapagyaman pa ang retorikang ipinakilala ni Aristotle sa kontekstong Pilipino; at (3) interesanteng pag-aralan ang paraan ng pamamahayag ni Bro. Mike dahil isa siya sa mga kinikilalang matagumpay na karismatikong mananalumpati sa Pilipinas na nagpabago sa maraming buhay ng mga Pilipino.

## Mga Naunang Pag-aaral na Gumamit ng Aristotelyanong Lente

Sa mga nanunang pag-aaral, manipis pa ang puwang ng retorika na inilalapag ni Aristotle sa mga sekta ng relihiyon sa Pilipinas, kararamihan ay nakatuon sa usaping politiko. Sa mas malawak na pagtanaw, may mga pag-aaral na magagamit para maiuri ang retorika bilang interdisiplinal (Garver, 2009; Lord, 1981; Nehamas, 2008; Grimaldi, 1998), ang gamit ng retorika sa negosyo[4]; ang gamit ng retorika sa politiko[5]; ang kapangyarihan ng retorika sa talumpati nina President George Bush at Barack Obama sa paksang war on terror Iman Raissouni[6]; retorikal na dulog sa talumpati ng Sangguniang Kabataan[7]; ang limang tenet ng retorika ni Aristotle sa State of the Nation Address ng tatlong presidente sa Pilipinas[8].

4 Chaohua Huang et al., "Creating a Sincere Sustainable Brand: The Application of Aristotle's Rhetorical Theory to Green Brand Storytelling," *Frontiers in Psychology* 13 (June 2022), https://doi.org/10.3389/fpsyg.2022.897281.

5 Nyarwi Ahmad, "Presidential Rhetoric in the COVID-19 Pandemic Era: Jokowi's Aristotelian Rhetorical Leadership Models before and after Implementation of Semi-Lock down Policy," *Journal Communic Asia Ekatan Sarjana Komunikasi Indonesia* 6, no. 1 (June 2021): 72–83, https://doi.org/10.25008/jkiski.v6i1.538.

6 Iman Raissouni, "The Language of American Political Discourse: Aristotle's Rhetorical Appeals as Manifested in Bush's and Obama's Speeches on the War on Terror," *International Journal of Linguistics, Literature and Culture* 6, no. 4 (May 2020): 38–48, https://doi.org/10.21744/ijllc.v6n4.904.

7 Mishare Samboang et al., "The Interplay of Aristotle's Rhetorical Triangle in Sangguniang Kabataan Political Campaign Speeches: A Rhetorical Discourse Analysis," *Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal* 17, no. 10 (February 2024): 1073–82, https://doi.org/10.5281/zenodo.10830840.

8 Lilibeth A. Calonge and Ismael N. Talili, "Rhetorical Discourse Analysis of State of the Nation Address of Select Philippine Presidents," *JPAIR Multidisciplinary Research* 25, no. 1 (June 2016), https://doi.org/10.7719/jpair.v25i1.393.

Ang retorika sa relihiyon ay hindi lamang isang paraan ng komunikasyon kundi isang mahalagang bahagi sa paghubog ng mga paniniwala, pagtataguyod ng komunidad, at impluwensya sa pagbabago sa lipunan ng mga kasapi nito. Sa katunayan, mas nagiging mapanghikayat ang isang mangangaral kapag isinasaalang-alang ang estruktura at konsistensi ng talumpati. Sa retorika ng relihiyon, mas ginagamit si San Agustin ng Hippo dahil adbokasiya niya ang paggamit sa wikang nauunawaan at pagbaba ng sarili sa mga tagapakinig[9]. Sa pag-aaral ni Sypert[10], tinalakay ang konsepto ng "Redeemed Rhetoric", binigyang-diin nito ang kahalagahan ng katotohanan at ang paggamit ng retorika upang maipalaganap ang Ebanghelyo. Habang sinuri naman ni Tetangco[11] ang mga homiliya ni Fr. Andrew Batayola, OSA sang-ayon sa retorika ni San Agustin. Pinatunayan ni Hallen[12] na magagamit ang retorika para mas madaling matutunan ang Ingles bilang pangalawang wika dahil inaral niya ang mga talumpating debosyonal ng Latter Day Saint. Sa ugnayang retorika ng relihiyon at lipunan, sinaliksik ni Robinson[13] ang impluwensiya ng mga religious interest groups sa Estados Unidos sa pakikilahok ng relihiyon sa politika. Habang sa Pilipinas, tinalakay ni Pinzon[14] ang retorika ni Cardinal Sin na nakasalig sa historical configuration kaya naging matagumpay siyang rhetor noong panahon ng People Power. Pinatunayan ng saliksik ni Francisco[15] na konsistent si Eddie Villlanueva ng JIL Movement sa kanyang mga prinsipyong panrelihyon kaya naiimpluwensiyahan niya ang kaniyang mga miyembro. Sa kabilang banda,

9 Peter Brown, *Augustine of Hippo: A Biography* (Berkeley: University of California Press, 2000).

10 John Sypert, "Redeeming Rhetoric: Augustine's Use of Rhetoric in His Preaching Ministry," *Eleutheria: John W. Rawlings School of Divinity Academic Journal* 4, no. 1 (May 2015): 18–34.

11 Hershey Ma. Tantengco, "A Rhetorical Analysis of the Homilies of Fr. Andrew P. Batayola, O.S.A. Using St. Augustine's Rhetorical Principles," (Up.edu.ph, 2020), 18–34, https://tuklas.up.edu.ph/Record/UP-99796217612317763?sid=161605816.

12 Cynthia Hallen, "Rhetoric for English Language Learners: Language Features of Five Latter-Day Saint Devotional Talks," *Res Rhetorica* 4, no. 2 (July 2017): 45–60, https://doi.org/10.29107/rr2017.2.4.

13 Zoë Robinson, "Lobbying in the Shadows: Religious Interest Groups in the Legislative Process," *Emory Law Journal* 64, no. 4 (January 2015): 1041, https://scholarlycommons.law.emory.edu/elj/vol64/iss4/2/.

14 Mary Jannette Pinzon, "UP Press Online Store," UP Press Online Store, 2024, https://press.up.edu.ph/store/books/view_item/115.

15 Jose Mario Francisco, "Mapping Religious and Civil Spaces in Traditional and Charismatic Christianities in the Philippines," *Festschrift in Honor of Fr. John N. Schumacher, S.J.* 58, no. 1/2 (2010): 185–221.

nakasalig sa personal na bisyon ang retorika ni Grace Padaca[16]. Ang retorika ng pag-ibig na magagamit ng mga relihiyosong lider para mapagtibay ang relasyong sosyal ang tinutukan ni Steen[17]. Habang retorika ng komunidad ang kina Farkas at Toth[18] gamit ang mga tweet nina Pope Francis at Dalai Lama.

Nagkakaugnay-ugnay ang mga nabanggit na pag-aaral dahil sa kanilang pagtalakay sa mga estratehiyang retorika sa relihiyon at ng mga kilalang relihiyosong lider. Bunsod nito, ito ang unang pagtatangka na pag-aralan ang retorika ni Bro. Mike bilang isa rin siya sa mga tanyag na relihiyosong lider sa Pilipinas. Magagamit ang mga ito upang suriin ang retorika niya sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga pamamaraan sa paglikha ng koneksyon sa kanyang mga tagapakinig at ang kanyang paggamit ng mga prinsipyong panrelihiyon sa kanyang mga talumpati.

## Mga Pag-aaral tungkol sa Samahang El Shaddai at kay Bro. Mike Velarde

Sapol ng nagpasimula ang samahang El Shaddai noong Agosto 1984, may iilang mga iskolar na ang nagtangkang pag-aralan ang daynamiks ng grupo. Sa pag-aaral ni Wiegele,[19] nakita niya na malaking bahagdan ng mga miyembro ay mula sa laylayan ng lipunan. Sinisugan ito ni Araw[20] na kaya naging patok si Velarde sa mga tao dahil sa pag-asang ipinapangaral nito. Napalalalim ang pag-aaral na ito noong suriin ni Demeterio[21], ang diskurso ng pag-asa na nakapaloob sa grupo at ang implikasyon nito politika at lipunang Pilipino, habang ipinaliwanag naman ni Francisco[22], ang kinaiba ng El Shaddai bilang

16 Augustus Ceasar Destura Latosa, "Grace Padaca's Rhetoric of the 2004 Gubernatorial Race," 2020, https://tuklas.up.edu.ph/Record/UP-99796217610441804?sid=161459395.

17 Tale Steen-Johnsen, "The Rhetoric of Love in Religious Peacebuilding," *Journal of Contemporary Religion* 35, no. 3 (September 2020): 433–48, https://doi.org/10.1080/13537903.2020.1810972.

18 Tamas Toth and Jacint Farkas, "The Terminologies of Two Religious Leaders Rhetoric about Communities in Pope Francis' and Dalai Lama's Tweets," *European Journal of Science and Theology* 15, no. 5 (October 2019): 159–78.

19 Katharine Wiegele, *Investing in Miracles: El Shaddai and the Transformation of Popular Catholicism in the Philippines* (Honolulu: University of Hawaii Press, 1997).

20 Anna Marissa Araw and Anna Clarissa Araw, "A Study on the Extent of Participant of the Members of the El Shaddai Movement," Animo Repository, 2021, https://animorepository.dlsu.edu.ph/etd_bachelors/16549.

21 Feorillo P. Demeterio III, "Mga Anyo at Antas Ng Pag-Asa Na Nakapaloob Sa Mga Diskurso Ng Kilusang El Shaddai," *MALAY* 22, no. 2 (2010): 19–42, https://ejournals.ph/article.php?id=7966.

22 Francisco, "Mapping Religious and Civil Spaces," 185–221.

isang karismatikong kilusan at ang kaibahan nito sa tradisyunal na simbahang Katolika. Binigyang pansin ni Gorospe[23] ang impluwensiyang politikal ng grupo sa tuwing may halalan sa Pilipinas. Sa mas malawak na pagtingin, tinangkang aralin ni Leonardo Mercado[24] ang paggamit ng mga maka-Pilipinong simbolo sa lingguhang pagtitipon ng El Shaddai dahilan para sila ay maging matagumpay at patok sa Pilipinas.Nakita naman nina Kessler at Ruland[25], na malaki ang ambag ng retorika ni Bro. Mike kaya patuloy itong tinatangkilik ng mga Pilipino. Pinaghalong kwalitatibo at kwantitatibo ang ginamit sa mga nasabing pag-aaral. Kung sinuri ni Demeterio[26] ang nilalaman ng Liwanag Magazine para tingnan ang mga patotoo at iilang pangaral ni Velarde, tututok ang papel na ito sa mga playbacks ng mga talumpati niya na makikita sa Youtube page ng kanilang samahan. Pinahapwayan ng mga iskolar sa itaas ang katauhan ni Velarde, ngunit ito ang unang pagtatangka na aralin ang retorika niya gamit ang prinsipyo ni Aristotle. Mahalagang mabigyang espasyo ang ganitong pag-aaral para mas lalong lalawak at lalalim ang prinsipyong sinasaligan ng mga relihiyosong lider sa pagpapanatili at pagpapalago ng kanilang kongregasyon.

## Panggangalap ng Datos at Teoretikal na Batayan ng Pananaliksik

Gamit ang dokumentong pamamaraan, binisita ng mananaliksik ang YouTube page ng Delta Broadcasting System upang sinupin ang rekording ng talumpati ni Velarde sa kanilang lingguhang pagtitipon noong Enero 7, 2023; Enero 14, 2023; Enero 21, 2023; Enero 28, 2023, at Pebrero 4, 2023.Minabuti ng mananaliksik na limitahan sa limang ito ang pagsusuri dahil sa mga sumusunod na katuwiran: (1) nagkaroon ng inisyal na pagsipat ang mananaliksik ukol sa sistema ng pamamahala ni Velarde at nahagip nito ang mga bidyo noong mga naunang dekada na interesante ring ihambing sa kontemporaryong pamamaraan niya ng pananalumpati[27]; (2) ang limang petsa ang simula ng pagharap ni Mike Velarde sa madla nang nakaupo na habang nagsasalita at hindi katulad noon na naglalakad siya sa entablado habang nangangaral, dagdag pa rito, nagsisimula na noong mga panahong ito ang problema niya sa pagsasalita; (3)

23 Grace Gorospe-Jamon, "The El Shaddai Prayer Movement: Political Socialization in a Religious Context," (1999).

24 Leonardo Mercado, "El Shaddai: A Study," 1–40 (2001).

25 Christl Kessler and Jürgen Rüland, "Responses to Rapid Social Change: Populist Religion in the Philippines," *Pacific Affairs* 79, no. 1 (June 2006): 73–96, https://doi.org/10.5509/200679173.

26 Demeterio III, "Mga Anyo at Antas Ng Pag-Asa," 19–42.

27 Joven Makiling, "Pamamahala at Pagpapala: Pagninilay sa Apat na Dekadang Pamamahala ni Bro. Mariano 'Mike' Velarde sa Samahang El Shaddai," NRCP Research Journal 24, no. 1 (n.d.): 115–32.

ito rin ang panahon na nagbago ang istilo ng kaniyang mensahe—kung noon, tatlong oras siyang nagsasalita nang siya lang; ngayon, may mga nagpapatotoo na sa bawat puntos na kaniyang inilalahad. Nililinaw ng mananaliksik na ito ay pasimulang pagsipat lamang, ang mga puntong hindi mahahagip sa papel na ito, ay maaaring saliksikin sa mga susunod pang proyekto.

Para masagot ang mga tiyak na layuning inilahad, ginamit ang content analysis para masuri ang nilalaman ng mga talumpati ni Bro. Mike at kung papaanong umiinog ito sa teorya ng retorika na inihahain ni Aristotle. Sang-ayon kay San Juan[28], "ang pagsusuri ng nilalaman ay tumutukoy sa paglalarawan at/o pagsusuri sa nilalaman ng isang teksto." Ipinaliwanag naman ni Sayre[29] na ito ay isa sa mga metodo na ginagamit sa kwalitatibong pananaliksik na naglalayong pangkatin ang mga kategorya batay sa dominanteng diwa na umiiral. Sa tulong ng dulog na ito, makikita ang retorikal na dulog ni Velarde at ang tenet ng kanyang kahusayan bilang isang mananalumpati.

## Teoretikal na Balangkas

Si Aristotle ang itinuturing na nagpasimula ng teorya hinggil sa retorika. Sinasabing nag-ugat ang disiplinang ito sa Gresiya noong ika-5 siglo. Ang pag-aaral sa larangang ito ay nagpapatunay na mula pa noong una nakatuon na ito sa konsepto ng komunikasyon. Sa madaling salita, sa tuwing nakikipag-usap ang tao, hindi malayong siya ay nanghihikayat na. Pinatutunayan nga ni Griffin[30] na ang retorika ay nangangahulugan ng panghihikayat. Ukol dito, itinuturing ang retorika bilang sining sa paggawa ng argumento at pagsasagawa ng talumpati. Binigyan ni Littlejohn[31] ng mas konkretong deskripsiyon ang retorika: "adjusting ideas to people and people to ideas in messages of all kinds." Ibig sabihin, likas na isinasaalang-alang natin ang kausap at ang ideyang nais nating ipabatid sa tuwing tayo'y nakikipag-usap.

Sa aklat na "A First Look at Communication Theory", inisa-isa ni Griffin[32] ang tatlong retorikal na dulog ni Aristotle—ang logos (lohika), ethos

28 David Michael San Juan et al., "Batayang Kaalaman Sa Mga Teorya Sa Pananaliksik Na Akma O Mula Sa Lipunang Filipino," *Sangandaan: Filipino Sa Iba't Ibang Disiplina* (2009): 93.

29 Shay Sayre, *Qualitative Methods for Marketplace Research* (Thousand Oaks, CA: SAGE Publications, Inc., 2001), https://doi.org/10.4135/9781412985543.

30 Emory Griffin, "Chapter 22: The Rhetoric of Aristotle," in *A First Look at Communication Theory*, 8th ed. (New York: McGraw-Hill Education, 2009), 290.

31 Stephen Littlejohn, *Theories of Human Communication*, ed. Karen Foss (Belmont, CA: Wadsworth Publishing Company, 2008), 64.

32 Griffin, "The Rhetoric of Aristotle," 302.

(etika), at pathos (emosyon). Ayon sa kanya, ang logos ay tumutukoy sa lohikal na argumento ng tagapagsalita kaugnay ng paksa; ang ethos ay may kaugnayan sa ipinakikitang karakter at kredibilidad ng ispiker; at ang pathos ay ang apela sa damdamin ng tagapakinig. Dagdag pa niya, ang tatlong ito ay palaging umiiral sa anumang pampublikong presentasyon at nagsisilbing pangunahing sangkap sa sining ng mabisang komunikasyon. Gayunman, upang higit na maunawaan ang lalim at kasaysayan ng mga konseptong ito, mahalagang balikan ang orihinal na teksto ni Aristotle.

Sa Rhetoric, partikular sa Book I, Chapter 2,[33] ipinakilala ni Aristotle ang tatlong pisteis—mga paraang retorikal na ginagamitan ng sining upang makapanghikayat. Ayon sa kanya, "Of the modes of persuasion furnished by the spoken word there are three kinds. The first depends on the personal character of the speaker [ethos]; the second on putting the audience into a certain frame of mind [pathos]; the third on the proof, or apparent proof, provided by the words of the speech itself [logos]."[34] Sa ganitong pananaw, hindi lamang ginagamit ang tatlong apela bilang teknik kundi bilang saligan ng epektibong diskurso. Ang ethos ay hindi simpleng reputasyon kundi kredibilidad na isinasabuhay at naipapakita sa paraan ng pagsasalita. Ang pathos ay hindi simpleng apela sa damdamin kundi pagkilatis sa emosyonal na kalagayan ng tagapakinig. Ang logos ay hindi basta argumento kundi maingat na paghahanay ng mga ebidensya upang makamit ang inaasahang katuwiran. Sa pagsasanib ng mga elementong ito, naipapamalas ang kabuuan ng sining ng panghihikayat na nakaugat sa retorika ni Aristotle.[35]

Ang pagbabalik sa orihinal na paliwanag ni Aristotle ay mahalaga sapagkat ang mismong paksa ng pananaliksik na ito—ang retorika ni Bro. Mike Velarde—ay isang konkretong halimbawa ng komunikasyong pampubliko kung saan malinaw na umiiral ang tatlong pisteis na binigyang-diin sa Rhetoric. Sa pamamagitan ng ethos, sinusuri kung paanong inihaharap ni Bro. Mike ang kaniyang sarili bilang isang mapagkakatiwalaang punong-lingkod—isang taong may karisma, karanasan, at pananampalatayang nagbibigay ng moral at personal na kredibilidad sa harap ng madla. Sa pathos, makikita ang kaniyang matinding paggamit ng damdamin, mula sa pag-iyak, pagbibiro, hanggang sa mga dramatikong pahayag, upang gisingin ang emosyon ng kanyang tagapakinig at pukawin ang pananampalataya, awa, o pag-asa. Samantala,

33 Aristotle, *Rhetoric*, trans. W. Rhys Roberts, in *The Basic Works of Aristotle*, ed. Richard McKeon (New York: Random House, 1941), 1355b–1356a.

34 Ibid., 1356a.

35 George A. Kennedy, *Aristotle, On Rhetoric: A Theory of Civil Discourse*, 2nd ed. (New York: Oxford University Press, 2007), 37–39.

sa logos, sinisilip ng pananaliksik kung paanong ginagamit ni Bro. Mike ang bibliya at lohikal na ugnayan ng kwento at aral, at mga halimbawa mula sa buhay upang bigyang bisa ang kanyang mensahe. Sa ganitong paraan, malinaw na ang teoryang retorikal ni Aristotle ay hindi lamang angkop kundi kritikal sa pagsusuri ng paraan ng paghihikayat at pagbibigay-kahulugan sa diskurso ni Bro. Mike, na sa loob ng apat na dekada ay naging sentro ng isang malawakang kilusan ng pananampalataya sa Pilipinas.

Sa mahabang panahon mula nang maipakilala ang retorika ni Aristotle, marami nang mga iskolar ang nagtangkang ibuod ito upang makabuo ng mga batayang susukat sa kakayahan ng isang tagapagsalita. Bunsod nito, nakabuo sila ng limang tenet o prinsipyo ng retorika[36] para sa isang epektibong talumpati: imbensyon, estruktura, estilo, memorya, at presentasyon.

(1) Imbensyon – mayamang kaalaman ng isang tagapagsalita sa paksa.[37] Nagaganap sa bahaging ito ang paghahanda ng talumpati. Ang unang mahalagang katangian ng isang mahusay na ispiker ay ang kaalaman sa paksang kanyang tatalakayin. Dapat may sapat na batayan at malalim na pagkaunawa ang tagapagsalita sa kanyang paksa upang makapanghikayat nang mabisa. Sa prosesong ito, inihahanda niya ang mensaheng nais niyang iparating sa mga tagapakinig; (2) Pagkakasunod-sunod – tumutukoy sa estruktura ng talumpati mula simula hanggang sa wakas[38]; (3) Istilo – nakatuon sa paggamit ng metapora para mabisang maunawaan ng mga tagapakinig ang mensahe[39]; (4) Memorya-Ipinapakita rito na ang kakayahan ng tagapagsalita na makapagpahayag ng kanyang mga saloobin nang matatas at tuloy-tuloy kahit walang nakasulat na gabay; (5) Presentasyon – Isa sa mga pinakamahalagang aspekto ng isang epektibong talumpati ay ang natural na paraan ng pagpapahayag. Hindi pabor ang mga tagapakinig sa mga talumpating mukhang plinano o iskripted; mas nakakahikayat ang isang ispiker kung ang kanyang paraan ng pagsasalita ay tila likas, impormal, at may awtentikong damdamin.

Sa apat na dekadang pag-iral ng El Shaddai, ginamit ni Bro. Mike ang retorika kaya naging mas mabisa ang pagpapahayag niya ng mensahe sa kaniyang mga tagausunod, nakukuha niya ang atensyon ng mga mananampalataya, at mas madaling naipapaliwanag ang malalalim na konsepto

36 Griffin, "The Rhetoric of Aristotle," 294.


37 Lane Cooper, *The Rhetoric of Aristotle* (New York: Appleton-Century-Crofts, 1932).

38 Kennedy, *Aristotle, On Rhetoric*, 258.

39 Kennedy, *Aristotle, On Rhetoric*, 244.

ng pananampalataya sa isang paraan na maiintindihan ng mas maraming tao—ang simpology na kaniyang ipinakilala sa samahan.

## Ang Pinagyamang Lente ni Aristotle sa Retorika ng Isang Karismatikong Mananalumpati




Pigura 1. Ang Pinagyamang Lente ni Aristotle sa Piling Bidyo ng Talumpati ni Bro. Mike Velarde

Bagamat matagal ng panahon sapol nang ipinakilala ang prinsipyo ng retorika ni Aristotle, puwedeng-puwede pa rin itong magamit lalo sa kontemporaryong panahon. Ang pagtanaw sa klasikong prinsipyong ito ang naging daan para pasimulang aralin ang retorika sa mga piling bidyo ng talumpati ni Velarde. Mula sa tatlong dulog: Pathos, pagkuha ng emosyonal na loob ng mga tagapakinig; Logos, pagtatambal ng katuwiran at lohika ng tagapagsalita; at Ethos, pag-eestablisa ng kredibilidad ng isang tagapagsalita. Ang tatlong dulog na ito ang sumasalamin sa bisa ng mensahe ng isang tagapagsalita sa mga tagapakinig. Sa konteksto ng pag-aaral na ito, mas mapagyayaman ang pagbasa kay Aristole kung magkakaroon ng hirerkiya sa paggamit para mabatid ang bisa ng paglalapat sa kaisipan niya sa epektibong pananalumpati.

Ang limang tenet naman ay mainam tingnan sa hirerkiya ng konsistensi dahil ito ang nagtatakda ng balangkas sa isang epektibong argumento at/o paksa na ibig ilatag ng mananalumpati.  Sinusulong ng hirerkiya ng konsistensi ang paghahanda sa malinaw at lohikal na mensahe, pagpapatibay ng kredibilidad at estilo, pagsasanay para mapanatili ang impormasyon at pagpapahusay para mailahad ang argumento. Sa madaling salita, kung nakatuon ang tatlong dulog sa tagapakinig; para naman sa tagapagsalita ang limang tenet. Sa tulong ng pagsasama ng dulog at tenet, mailuluwal ang pagbasa ngayon sa retorika ni Velarde at kalaunan ay maipapakita ang bisa ng kaniyang talumpati sa tulong ng pinagyamang lente ni Aristotle. Ang balangkas na ito ay intresanteng magamit sa mga susunod pang mananaliksik na ibig ding sumuri ng mga talumpati ng mga religious lider gamit ang lente ni Aristotle.

## Pagsasalamin ng Tatlong Dulog ng Retorika sa Talumpati ni Mike Velarde

Ang talahanayan sa ibaba ay nagbubuod sa mga bahagi ng bidyo na kakikitaan ng ebidensya sa integrasyon ng tatlong dulog sa talumpati ni Velarde. Nasa bahagi ng mga sanggunian ang link para sa mga bidyo. Iminumungkahi sa mga mambabasa na maaaring balikan ang timestamp na ito para mahagip ang mga bahagi ng talumpati na sumasalamin sa tatlong dulog.

TALAHANAYAN 1. Timestamp ng mga Piling Bidyo na sumasalamin sa Ethos, Pathos at Logos

| Bidyo Blg. at Petsa | *Ethos* | *Pathos* | *Logos* |
|---|---|---|---|
| Bidyo 1<br>(Enero 7, 2023) | 1:21:14-1:21:44<br>1:27:28-1:27:30<br>1:28:12-1:28:20<br>1:34:05-1:34:30<br>1:39:24-1:40:00<br>1:41:50-1:42:04<br>1:48:01-1:48:05 | 1:14:11-1:14:17<br>1:15:00-1:15:30<br>1:20:58-1:21:10<br>1:27:48-1:28:09<br>1:29:41-1:29:46<br>1:36:13-1:36:23<br>1:40:06-1:40:23<br>1:40:29-1:40:43<br>1:42:58-1:43:43<br>1:49:10-1:49:28<br>1:49:31-1:50:17<br>1:50:27-1:50-47<br>1:51:04-1:51:24<br>1:53:04-1:53:22<br>1:53:36-1:53:44 | 1:20:30-1:20:39<br>1:41:22-1:41:46<br>1:52:33-1:53:00 |

| Bidyo Blg. at Petsa | *Ethos* | *Pathos* | *Logos* |
|---|---|---|---|
| Bidyo 2<br>(Enero 14, 2023) | 3:57:37-3:57:59<br>4:10:24-4:10:42<br>4:10:01-4:10:31<br>4:11:59-4:12:11<br>4:17:08-4:17:32<br>4:23:50-4:24:09<br>4:29:24-4:29:38 | 3:58:02-3:58:10<br>4:11:33-4:11:52<br>4:17:36-4:18:17<br>4:29:51-4:30:12<br>4:30:42-4:31:03<br>4:10:49-4:11:22<br>4:11:25-4:11:35<br>4:14:58-4:15:29<br>4:18:47-4:18:57<br>4:22:57-4:23:06<br>4:23:35-4:23:47<br>4:29:51-4:30:12<br>4:32:18-4:32:25 | 4:02:30-4:03:15<br>4:03:00-4:03:26<br>4:09:37-4:09:47<br>4:17:36-4:18:17<br>4:23:14-4:23:27<br>4:29:51-4:30:12 |
| Bidyo 3<br>(Enero 21, 2023) | 3:57:37-3:57:59<br>4:02:13-4:02:35<br>4:10:01-4:10:31<br>4:15:58-4:16:18 | 3:58:02-3:58:10<br>4:09:37-4:09:47<br>4:11:25-4:11:35<br>4:14:58-4:15:29<br>4:15:34-4:15:52<br>4:21:37-4:21:47<br>4:22:10-4:22:50<br>4:22:56<br>4:23:04<br>4:23:17 | 4:01:58-4:02:06<br>4:03:00-4:03:26<br>4:17:32-4:17:43 |
| Bidyo 4<br>(Enero 28, 2023) | 4:36:18-4:36:37<br>4:38:50-4:39:15<br>4:38:09-4:38:24<br>4:40:35-4:40:44 | 4:13:06-4:13:19<br>4:35:00-4:35:09<br>4:35:47:4:35:55<br>4:36:01-4:36:12<br>4:37:45-4:38:05<br>4:39:40-4:39:57<br>4:40:57<br>4:41:06-4:41:29 | 4:36:44-4:37:07<br>4:28:31-4:38:47<br>4:37:09-4:37:29<br>4:40:06-4:40:16 |
| Bidyo 5<br>(Pebrero 2, 2023) | 4:10:27-4:10:45<br>4:27:28-4:27:43 | 4:00:57-4:01:10<br>4:09:01-4:09:10<br>4:10:56-4:11:26<br>4:19:38-4:19:50<br>4:20:25-4:20:36<br>4:27:50-4:28:10<br>4:28:38-4:20:44<br>4:34:26-4:34:37 | 4:09:01-4:10:00<br>4:10:05-4:10:23<br>4:10:47-4:10:53<br>4:33:57-4:34:15 |

### *Ethos*

Binigyang diin ni Aristotle na ang ethos ay isang mahalagang sangkap ng panghihikayat na bumubukal sa karakter ng tagapagsalita. Sabi nga niya, "Mas epektibo ang panghihikayat kapag malinaw na ipinapakita ng tagapagsalita

na siya'y mapagkakatiwalaan; dahil mas pinaniniwalaan ng mga tao ang mga taong may mabuting karakter."[40]

Tinukoy ni Aristotle ang tatlong mahahalagang katangian upang makamit ang ethos: ang phronesis (praktikal na karunungan), arete (kabutihang moral), at eunoia (kabutihang loob sa tagapakinig). Sa pananaw niya, ang kredibilidad ay hindi lamang dala ng reputasyon, kundi nililikha sa mismong paraan ng pagsasalita—sa tono, nilalaman, at disposisyong ipinapamalas ng tagapagsalita.[41]

Sa ganitong lente, nakita ng mananaliksik na may dalawang pangunahing sangkap si Bro. Mike Velarde sa pagpapalutang ng kanyang ethos: ang konsistent niyang paggamit ng mga bersikulo sa Bibliya, at ang paghahayag ng sariling karanasan at himalang natamo. Sa pamamagitan ng malinaw at tuloy-tuloy niyang pagsipi ng mga talata mula sa Bibliya, naipapamalas ni Velarde ang kaniyang malalim na kaalaman sa Salita ng Diyos. Ang ganitong scriptural grounding ay nagpapakita ng kanyang phronesis at arete—ang kanyang praktikal na karunungan at moral na awtoridad bilang isang tagapagsalita. Sa limang Sabado ng kanyang pangangaral, naging tuluy-tuloy ang kanyang pagsasangkot ng mga bersikulo upang bigyang diin ang kanyang mga punto. Ilan sa mga ito ay: "According to Matthew 12: 34, Jesus said, you…Without faith it is impossible to please God..."[42]; "Fixing our eyes on Jesus the author and perfecter of our faith…"[43]; "Jesus said if you remain in me and my words remain in you, ask whatever you wish..." [44]; "1 Thessalonians 5:18 Give thanks in all circumstances for this is the will of God for you" [45].

Iilan lamang ang mga piling sipi na nagpapalitaw nang kaniyang malawak na kaalaman sa kasulatan na nabubunga para paniwalaan siya ng mga tagapakinig. Bukod, dito, may mga banggit din siya ukol sa katuruan ng Simbahan na nagpapatunay ng kaniyang kredibilidad bilang isang Katolikong mangangaral. Aniya: "That's why sa ating Iglesiya Katolika may sakramento ng Confession. The first step to humility is confession"[46].

40 Aristotle, *Rhetoric*, 1356a.

41 Kennedy, *Aristotle, On Rhetoric*, 112.

42 Delta Broadcasting System Inc., "DWXI 1314 AM Livestream (Monday - January 9, 2023) #Playback," YouTube video, January 8, 2023, 1:21:14, https://www.youtube.com/watch?v=xR8PeNRYvxA.

43 Delta Broadcasting System Inc., *DWXI 1314 AM Livestream*, timestamp 4:02:13.

44 Delta Broadcasting System Inc., *DWXI 1314 AM Livestream*, timestamp 4:36:01.

45 Delta Broadcasting System Inc., *DWXI 1314 AM Livestream*.

46 Delta Broadcasting System Inc., *DWXI 1314 AM Livestream*, timestamp 1:28:12.

Bukod sa mga teolohikal na sanggunian, ginagamit din ni Bro. Mike ang kanyang sariling patotoo bilang patunay ng kanyang pananampalataya at personal na ugnayan sa Diyos. Ang mga personal niyang kwento ay sumasalamin sa eunoia—ang kabutihang loob at malasakit sa tagapakinig—sapagkat ito ay nagpapakita ng kanyang pagiging bukas, totoo, at huwaran sa kanilang paningin: "Ako'y naniniwala na mahaba pa ang buhay ko. Sapagkat, binigyan ko ng karangalan ang mama ko at papa ko habang sila'y nabubuhay"[47]; "Tignan nyo si Bro. Mike, 83 years old na bata pa…meron akong Diyos na pinagtitiwalaan" [48]; "Dumaan na naman ako sa major operation…hindi ako pababayaan ng Diyos"[49]. Sa ganitong paraan, ang kanyang ethos ay hindi lamang bunga ng posisyon bilang lider ng El Shaddai, kundi isinabuhay sa pamamagitan ng matibay na kaalaman sa Salita, pagkakaugat sa tradisyong Katoliko, at personal na halimbawa ng pananampalataya. Ang lahat ng ito ay tumutugma sa ideal ni Aristotle na ang tagapagsalita ay dapat magtatag ng tiwala, galing, at malasakit sa kanyang tagapakinig upang makapanghikayat nang lubos.

*Pathos*

Naniniwala si Aristotle na kinakailangan ng isang tagapagsalita na malaman ang tungkol sa kaniyang mga tagapakinig para matagumpay niyang magamit ang pathos. Hindi mga abstrak na bagay ang dapat na unawain kundi marapat lang na naiiintindihan ng tagapagsalita ang emosyon o nararamdaman ng mga tagapakinig. [50]Sa aklat na "On Rhetoric, binigyang-pansin ni Aristotle ang tatlong katanungan na dapat isaalang-alang kung nais na makuha ang loob ng mga tagapakinig: 1.) Ano ang kanilang nararamdaman?; 2.) Para kanino ang kanilang nararamdaman; 3.) Ano-anong mga dahilan ang nagtutulak sa mga tao na makadama ng ganoong emosyon?. Para kay Aristotle, kapag hindi nasagot ng tagapagsalita ang tatlong tanong na ito, mahihirapan itong kumonekta sa nadarama ng mga tagapakinig. [51]

Ang ganitong pananaw ay matutunton sa mga diskurso ni Bro. Mike Velarde na siksik sa emosyonal na apela—lalo na sa paghuhugot ng pag-asa, paggamit ng awitin, at pagtuturo ng pagtitiwala sa Diyos. Sa obserbasyon ng mananaliksik, malinaw na ang kaniyang mga mensahe ay dinisenyong pukawin

---

47 Delta Broadcasting System Inc., *DWXI 1314 AM Livestream*, timestamp 1:41:50.

48 Delta Broadcasting System Inc., *DWXI 1314 AM Livestream*, timestamp 4:10:24.

49 Delta Broadcasting System Inc., *DWXI 1314 AM Livestream*, timestamp 4:38:50.

50 Timothy Borchers, *Rhetorical Theory: An Introduction* (Thomson Wadsworth, 2011), 46.

51 Kennedy, *Aristotle: On Rhetoric*, 121.

ang damdamin ng tagapakinig upang hubugin ang kanilang pananampalataya sa gitna ng hirap ng buhay.

Sa naging papel ni Demeterio[52] nakaugat sa isang diskursong nagpapalakas ng loob at umaalo sa mga naghihirap ang diskursong El Shaddai Lutang na lutang ito magpahanggang sa ngayon dahil karamihan ng mga taong dumadalo sa kaninilang pagtitipon ay nahahanap ang pag-asa sa mga talumpati ni Velarde. Pansinin ang mga sumusunod na piling sipi:

> "Sa El Shaddai ang pinag-uusapan: kalusugan mula sa kalikasan. Habang buhay mahabang buhay kaya ang naniniwala na may Diyos hahaba ang buhay" [53].
>
> "Gusto nyong humaba ang buhay nyo? Magpahinga kayo. The kingdom of God is unshakable...Kapag nakatuon ang ating isipan at puso sa Panginoong Hesus, hindi tayo mayayanig" [54].
>
> "Thankfulness in all circumstances...Ipagpasalamat natin ang paggising natin sa umaga. Ipagpasalamat natin ang pagtulog natin sa gabi" [55].
>
> "Ang pag-ibig ay nagkakasundo, hindi nag-aaway-away, hindi nagkakabaha-bahagi kahit bulol na pinapahayag ang totoo. Amen ba? Purihin natin ang Panginoon…"[56]
>
> "Ito makinig kayo, lahat ng nakikinig ngayon, sasagana ang buhay ngayong taon. Maghihirap ang ibang tao, lahat ng nag-e-El Shaddai ay sasagana ang buhay. Ang may sakit; huwag sasabihing may sakit, ang matanda; huwag sasabihing matanda, ang sabihin niyo; magaling kayo, malusog. Sapagkat kasama natin ang Diyos"[57].

Malinaw na mga mensaheng tumatarget sa emosyon—umaasang baguhin ang pananaw ng mga nakikinig tungo sa mas positibong saloobin umiikot ang talumpati ni Velarde . Sa pananaw ni Aristotle, ito ang esensiya ng pathos: ang pagpapabago ng disposisyon ng tagapakinig upang maging bukas sila sa panghihikayat.[58]

---

52 Demeterio III, "Mga Anyo at Antas Ng Pag-Asa."

53 Delta Broadcasting System Inc., *DWXI 1314 AM Livestream*, timestamp 4:11:33.

54 Delta Broadcasting System Inc., *DWXI 1314 AM Livestream*, timestamp 4:17:36.

55 Delta Broadcasting System Inc., *DWXI 1314 AM Livestream*, timestamp 4:09:01.

56 Delta Broadcasting System Inc., *DWXI 1314 AM Livestream*, timestamp 1:49:31.

57 Delta Broadcasting System Inc., *DWXI 1314 AM Livestream*, timestamp 1:50:27.

58 Kennedy, *Aristotle: On Rhetoric*, 122.

Napansin din na ang karamihan sa mga awiting pinili ni Velarde para sa suportahan ang kaniyang argumento ay nagpapalabas ng emosyon at sidhi sa mga tagapakinig dahilan para ang mga ito ay pagnilayan. "Pakinggan ninyo nang maiigi ang bawat aawitin. Sapagkat, habang akoy nakikinig.. mahilig mangusap ang puso ng Diyos sa puso ng tao"[59]. Sa pamamagitan ng ganitong disposisyon, napapalalim ang koneksyon ng tagapakinig sa mensahe. Naging tulay ang musika sa kanilang sariling pagninilay, pagsisisi, at panibagong pananalig. Sa kabuuan ng limang linggong obserbasyon, labingwalong piling awitin ang itinanghal—lahat ay tumutugma sa layunin ni Velarde na palakasin ang loob ng mga dumadalo sa Gawain. Ilan sa mga ito ay ang: Lord Heal Our Land, The House is not a Home, My Way, Footprints in the Sand, Walk with faith in your heart, You Raise me Up, I believe.

Napalutang din ang tema tungkol sa hikayat para pagkatiwalaan ng Diyos. Ito ay nagpapalakas ng loob at nagbibigay ng katiyakan sa mga tagapakinig na may kasiguraduhan sa kanilang pananampalataya kahit sa gitna ng kahirapan. Mapapansin sa mga sumusunod na sipi:

> "Lahat ng kahilingan ninyo ay alam ng Diyos.Kaya all of the sudden, makikita niyo ang pangyayaring ibig ninyong mangyari sa buhay niyo. I will remember the deeds of the Lord...his miracles of long ago"[60].

> "Sa lahat ng pagkakataon magtiwala tayo sa Diyos. Anuman ang nangyayari di tayo pababayaan ng Diyos"[61].

> "Kawawa ang taong walang Diyos. Pag nagkasakit, masakit na talaga. Pag tumanda, matanda na talaga. Huwag nating gagawin ang lahat ng bagay sa paaran natin. Let's do it God's way. God's way mas Madali. Bakit? May plano ang Diyos sa ating buhay. Magandang ang plano ng Diyos"[62].

> " Ang hirap lang sa tao, madaling makalimot sa Diyos. Kapag sumagana na, wala na sa gawain ng Diyos, nakakalimutan na ang Diyos? Marupok ang tao"[63].

Ang mga pahayag na ito ay pumupukaw ng damdaming tiwala, pagsuko, at pananalig, mga saloobing sinasadyang hubugin upang pagaanin ang bigat ng nararanasan ng mga tagapakinig. Sa lente ng pathos, makikita na si Bro. Mike ay hindi lamang nangangaral; siya ay emosyonal na nakikibahagi, nagmumungkahi

59 Delta Broadcasting System Inc., *DWXI 1314 AM Livestream*, timestamp 4:13:06.

60 Delta Broadcasting System Inc., *DWXI 1314 AM Livestream*, timestamp 4:14:58.

61 Delta Broadcasting System Inc., *DWXI 1314 AM Livestream*, timestamp 4:27:50.

62 Delta Broadcasting System Inc., *DWXI 1314 AM Livestream*, timestamp 4:29:51.

63 Delta Broadcasting System Inc., *DWXI 1314 AM Livestream*, timestamp 4:30:42.

ng bagong pananaw, at nagsasalin ng lakas-loob sa pamamagitan ng kanyang retorika.

*Logos*

Ayon kay Aristotle, ang logos ay isang mahalagang sangkap ng retorika na nakatuon sa **lohikal na pangangatwiran**. Sa kaniyang Rhetoric, binigyang-linaw niya na: "Nagkakaroon ng paghihikayat sa pamamagitan ng pananalita kapag napapatunayan natin ang isang katotohanan, o tila katotohanan, sa pamamagitan ng mga argumentong angkop sa paksa." [64]Kaya para kay Aristotle, ang logos ay hindi lamang pagbibigay ng impormasyon kundi ang maingat na paglalatag ng dahilan, ebidensya, at pagkakaugnay-ugnay ng mga ideya upang makabuo ng kapanipaniwala at katanggap-tanggap na argumento.

Sa pagsusuri ng mananaliksik, kapansin-pansin na si Bro. Mike Velarde ay gumagamit ng mga analohiya, simbolismo, at lohikal na pagsasaayos ng mensahe upang palinawin ang kaniyang mga aral. Noong Enero 7, ginamit niya ang pagkakatulad ng **isip, puso, at bibig** upang ipaliwanag ang ugnayan ng kaisipan at pananalita, isang estratehiyang nagpapalalim sa pag-unawa ng mga tagapakinig sa ugnayan ng pananampalataya at pag-uugali. Sa parehong araw, gumamit din siya ng analohiya sa pagpapakasakit ni Kristo upang bigyang-diin ang kahalagahan ng kababaang-loob.

Gayundin, ang halimbawa ng isandaang piso ay ginagamit niya upang ipaliwanag ang lohikal na relasyon sa pagitan ng paggawa at gantimpala: na sa bawat mabuting gawa ay may kaakibat na biyaya. Noong Enero 14, ginamit naman niya ang **sikat at paglubog ng araw** bilang simbolo ng eternity—isang diskurso na ginamit upang ipaliwanag ang walang hanggang presensya ng Diyos sa ating buhay. Ayon sa kaniya: "The existence of God is all around us. Kaya pagsikat ng araw hanggang sa paglubog nito, makikita natin ang gawain ng Diyos"[65]. Bilang pansusog, malinaw na bukod sa mga bersikulong pangsuporta sa kaniyang mensahe, naka-angkla rin sa kaniyang lohika ang mga awitin. Sa bawat kanta, binubuo niya ang tinatawag niyang **healing password**, kung saan mula sa isang salita, kinukuha niya ang bawat titik upang makabuo ng mas malawak na paliwanag. Pansinin ang mga sumusunod na sipi:

> "Bakit sound of music? Sapagkat kapag binibigyan mo ng karangalan ang iyong magulang. Its music to their ears. Subukan nyong magbigay ng karangalan sa inyong mga magulang. The 4$^{th}$ H stands for home Tatandaan niyo ang Panginoon ay pag-ibig, naninirahan sa puso ng taong may pananampalataya sa Diyos ang pag-ibig ng Diyos"[66].; " The second

64 Aristotle, *Rhetoric*, trans. W. Rhys Roberts, 1356a.

65 Delta Broadcasting System Inc., *DWXI 1314 AM Livestream*, timestamp 4:02:30.

66 Delta Broadcasting System Inc., *DWXI 1314 AM Livestream*, timestamp 1:40:06.

E of Heart is eternity. Kaya ayaw ng tao mamatay. Pero ang eternity nagsisimula na ngayon lalo na sa kabilang buhay—buhay na walang hanggan ang ating patutunguhan."[67]; "Around the world…hanapin niyo ang Panginoon at makikiusap siya sa inyo" [68]; "My way: huwag nating gagawin ang lahat ng bagay sa paaran natin. Let's do it God's way. God's way mas Madali. Bakit? May plano ang Diyos sa ating buhay" [69].

Isa sa mga estratehiya ngayon ni Bro Mike ay ang paggamit ng akronim sa kaniyang talumpati. Tinatawag niya itong healing password. Mula sa isang salita, kukunin niya ang simula ng bawat titik nito at mabubuo niya ito sa apat pa na salita. Tingan ang talahanayang naglalaman ng kaniyang mensahe. Makikita sa ibaba ang listahan ng mga healing password na ginamit niya sa limang Sabadong sinuri na mga talumpati.

TALAHAYAN 2. Ang Healing Password sa Paksang HEART

| Petsa | Paksa | Password |
|---|---|---|
| Enero 7 | 4 H's of the word HEART | Humility |
| | | Honesty |
| | | Honoring |
| | | Home |
| Enero 14 | 4 E's of the word HEART | Existence |
| | | Eternity |
| | | Earnestly |
| | | End |
| Enero 21 | 4 A's of the word HEART | Author |
| | | Authority |
| | | All |
| | | Always |
| Enero 28 | 4 R's of the word HEART | Remaining |
| | | Remembering |
| | | Rest |
| | | Rewarding |
| Pebrero 04 | 4 T's of the word HEART | Thankfulness |
| | | Thoughtfulness |
| | | Trustfulness |
| | | Truthfulness |

67 Delta Broadcasting System Inc., *DWXI 1314 AM Livestream*, timestamp 4:17:36.

68 Delta Broadcasting System Inc., *DWXI 1314 AM Livestream*, timestamp 4:23:14.

69 Delta Broadcasting System Inc., *DWXI 1314 AM Livestream*, timestamp 4:29:51.

Mapapansin na ang pagkakabalangkas ng mga healing password ni Bro. Mike ay sang-ayon sa kaniyang sentral na mensahe patungkol sa puso ng tao bilang luklukan ng pananampalataya. Sa paggamit ng akronim gaya ng HEART , binibigyang saysay niya ang bawat titik upang mailahad ang isang malinaw, sistematikong paliwanag na madaling maunawaan at maalala ng kanyang mga tagapakinig. Ang ganitong estratehiya ay isang anyo ng logos na ayon kay Aristotle ay "persuasion by reason", ang kakayahang magbigay ng paliwanag batay sa lohikal na pagkakaugnay ng mga bahagi ng kaisipan. [70]

Sa kabuoan ng mga sinuring talumpati, dalawang beses naulit ang paglilinaw ni Velarde sa pagkakaiba ng mga salita. Aniya: "The word is remaining. Iba yung remain sa remaining. Baka isulat nyo remain. Iba yung remaining sa remain. Sapagkat, marami ang taong nananalig sa Diyos, pero hindi nananatili sa Diyos"[71]; "The word is remembering. Remembering. Iba yung remember sa remembering. Naaalala yung ginawa ng Panginoon sa kanyang buhay."[72].

Ang mga pahayag na ito ay nagpapakita ng analitikal na ugnayan ng salita at kahulugan, na siyang layunin ng logos sa pananaw ni Aristotle: ang pagtutulay mula sa ideya patungo sa pang-unawa ng tagapakinig gamit ang malinaw na lohika. Sa pamamagitan ng pagsusuri ng semantika ng mga salita, mas naipapaliwanag ni Velarde ang mga komplikadong ideya gaya ng pananatili sa Diyos at pag-alala sa kabutihan ng Diyos.

Sa kabuuan, ipinapakita ng mga talumpating sinuri na ang retorika ni Bro. Mike ay hindi lamang emosyonal at espiritwal, kundi may matibay na lohikal na estruktura. Ang pagsasaayos ng mensahe gamit ang analohiya, simbolo, awitin, akronim, at metalinggwistikong paliwanag ay nagpapamalas ng isang diskursong nakasandig sa Aristotelian logos, isang retorikang hindi lamang nararamdaman, kundi naaarok sa pamamagitan ng rason at pag-unawa.

## Ang Hirarkiya ng Tatlong Dulog sa Talumpati ni Velarde

Mula sa naging pagsusuri, nakita ngayon ng mananaliksik na ang pinakanangungunang dulog sa mga talumpati ni Velarde ay pathos, sinundan ito ng Ethos, at panghuli ay ang Logos. Ang kanyang istilo ng pangangaral ay nakatutok sa pag-akit ng damdamin ng kanyang mga tagapakinig upang makuha ang kanilang tiwala at hikayatin silang kumilos ayon sa kanilang pananampalataya. Napupukaw niya ang atensiyon ng mga tagapakinig dahil

70 Kennedy, *Aristotle: On Rhetoric*, 122.

71 Delta Broadcasting System Inc., DWXI 1314 AM Livestream. 4:36:44

72 Delta Broadcasting System Inc., DWXI 1314 AM Livestream. 4:38:31

nagsisilbi itong motibasyon para magpatuloy sila sa buhay. Sa kanyang mga talumpati, madalas niyang iniuugnay ang mga personal na karanasan sa buhay, mga pagsubok, at mga pangarap, at pagkatapos ay ini-uugnay ito sa mensahe ng Diyos. Kapag ang isang indibidwal ay tumungo sa kanilang lingguhang pagtitipon at punong-puno ng problema, nagsisilbing inspirasyon ng pag-asa ang mga talumpati niya.

Sa pagbubulay ng mananaliksik, sumunod lang ang Ethos sa Pathos dahil ginagamit niya ang kanyang kredibilidad bilang isang maalam na mananalumpati at espiritwal na kaalaman upang maipakita sa mga tagapakinig na siya ay dapat nilang pagkatiwaalaan. Ang pag-angkop ng kaniyang kuwento at pagbanggit sa mga bersikulo ay nagagamit para bigyang bigat ang kaniyang inilalahad sa entablado at mapukaw ang damdamin ng kaniyang mga tagasunod.

Nasa pinakababa ang logos dahil hindi ito ang sentral na pakay niya sa pagharap sa tao. Ginagamit niya ito para gawing malinaw lamang ang konsepto sa mga tagapakinig at iparating dito na may batayan ang kaniyang ipinahahayag. Mas lutang ang pathos sa kaniyang talumpati dahil ang kaniyang awdiyens—mga miyembro ng El Shaddai ay tila mas tinatangkilik ang mga patotoo at danas na pinamamarisan nila at iyon ang nagsisilbi nilang inspirasyon kahalintulad ng kanilang pinagdaraanan sa buhay. Bagaman may kakulangan sa lohika ang kabuoan ng mga talumpati, pinalitaw ni Velarde na dapat na puso ang gagamitin at hindi ang isip[73].

## Ang mga Retorikal na Tenet at Hirarkiya ng Konsistensi nito sa mga Talumpati ni Velarde

Maipapaliwanag naman sa bahaging ito ang retorikal na tenet na makikita sa mga talumpati ni Bro. Mike para mailarawan ang kahusayan niya bilang isang ispiker. Matapos isa-isahin, titingnan ang hirarkiya ng konsistensi para mabatid kung alin sa lima ang palagian niyang ginagamit.

### Imbensyon

Sa aspektong ito, naging matagumpay si Mike Velarde dahil napag-isipan nang mabuti ang kaugnayan ng healing password sa mga musikang nakakabit dito. Tinatawag ito ni [74] na topoi, isang salitang Griyego na nangangahulugan ng “topics” or “places”. Sabi nga ni Propesor Labe Cooper ng Cornell University, sa pagkakataong ito, naghahanap ang tagapagsalita ng kanyang argumento

73 Delta Broadcasting System Inc., *DWXI 1314 AM Livestream*, timestamp 4:13:22.

74 Cooper, *The Rhetoric of Aristotle*, 33.

na mistulang hunter game. Mapapansin din na malinaw ang pinapaksa sa limang Sabado—tungkol sa puso. Kapag binalikan ang nakaraan ng samahan, hindi maikakaila na sa paglipas ng panahon, marami na ring na-imbento ang samahan na mga pahayag. Katulad na lamang ng simpology, pumapatungkol ito sa paghahayag ni Velarde gamit ang mga simpleng mga salita o pahayag. Pinauso rin nila ang siksik,liglig, at umaapaw; 1+1=3, tiyak yun!, Finally, Happy and Prosperous Talaga at iba pa. Ang mga katagang ito ay buhat mula sa malikot na isip ni Velarde—sumisimbolo sa kahandaan niya bago tumayo sa entablado.

## Istruktura

Sa limang bidyo na sininop, kapansin-pansin na may sistema at organisado ang paghahayag ng punong-lingkod mula sa simula hanggang sa wakas. Tingnan ang pagkakasunod-sunod: pangungumusta sa mga tao, pag-awit ng Happy & Prosperous Talaga, pagpapataas sa mga dala-dalahan, pananalangin niya para sa mga tao, pagpapakila sa healing password, pagpapakilala sa paksa, pagpapakanta ng awit na may kinalaman sa password para magka-ideya ang mga nakikinig, paglalahad niya ng text message password sa paraan ng akronim, pagbanggit niya bersikulong pinagkunan sa Bibliya, at pagpapaliwanag niya sa nilalaman. Matapos nito, babalik ulit mula sa paglalahad ng ikalawa hanggang ikapaat na text message password at uulitin lang muli ang istruktura. Samantala, ang kongklusyon niya naman ay ang mga katagang ipinasisigaw niya sa huling bahagi ng kaniyang talumpati. Pansinin ang dalawang hallimbawa: " Ito ang isigaw ninyo: Tiyak yun, sasagana ako ngayong taon"[75]; "Ang isigaw ninyo araw-araw: I did it's God way"[76]. Ipinapakita ng mga halimbawang ito kung papaano tinatapos ni Bro. Mike ang kaniyang talumpati. Katunayan, buod ang ipinassisigaw niya sa dulo para madaling matandaan ng kaniyang mga tagasunod ang sentral na mensahe sa gabing iyon.

## Istilo

Metapora ang kinikilalang patok sa retorika ni Aristotle. istilong itinatampok ni Aristole[77]. Sa usapin ng istilo ni Velarde, mababakas ang paggamit niya ng akronim sa bawat salita ng haylayt niyang mensahe. Sa pananaliksik na ito, serye ng Heart ang sinuri. Kaya inisa-isa niya ang ibig sabihin ng bawat salitang nirerepresenta ng Heart at apat na salita kada Sabado. Kung titignan, mas madaling maiintindihan at matatandaan ng mga kasapi niya ang ganitong

75 Delta Broadcasting System Inc., *DWXI 1314 AM Livestream*, timestamp 1:53:36.

76 Delta Broadcasting System Inc., *DWXI 1314 AM Livestream*, timestamp 4:32:37.

77 Griffin, *The Rhetoric of Aristotle*, 316.

istilo. Dagdag pa rito, ginagamit niya ang musika upang kumatawan sa password na kanyang sasabihin tsaka niya pa lang ipaliliwanag. Para sa kanya, ang mensaheng na kanyang inihahayag ay nagmumula sa awit. Aniya: " Huhulaan ninyo ang bawat awitin, kung anong represented yan ng awit sa letter R ng password natin."[78]. Paalala niya pa: "At, pakinggan ninyong mabuti ang mensahe ng awitin at mga patotoo ng awit"[79]. Maikakapuri ang istilo niya na ito bukod sa makabago, mas maabot nito ang mga tao na maging maalam sa pagdalumat ng mga awitin. Pinakatampok na halimbawa rito ay nang ipinaliwanag niya ang kaugnayan ng Sound of Music sa mga tao. Aniya: "Bakit sound of music? Sapagkat kapag binibigyan mo ng karangalan ang iyong magulang. It's music to their ears. Subukan nyong magbigay ng karangalan sa inyong mga magulang."[80] Maiuugnay din ang istilo sa paggamit ng metapora.[81] Sa limang serye na sinuri, lumitaw ang apat na metaporikal na pahayag: 1.) pag-ugnay ng kasaganaan sa isandaang piso (Enero 7); 2.) pagsikat ng araw na dulot ay pag-asa (Enero 14); 3.) pagwawangis ng awiting All of the sudden sa mga pangarap sa buhay (Enero 21); 4.) pagwawangis ng footprints in the sand sa pananatili sa Diyos (Enero 28).

### Presentasyon

Kung ikukumpara ang mga nakalipas na presentasyon ng punong-lingkod, may pagkakaiba na ito sa ngayon. Kung dati ay nakakapaglakad siya sa malaking entablado, ngayon ay naka-upo na siya dulot na rin ng kanyang edad. May mga pagkakataong na binabasa niya ang kanyang outline upang hindi ganap na malimutan ang sasabihin. Gayunpaman, hindi ito nakababawas sa kanyang kredibilidad bilang punong-lingkod at lider ng samahan ng El Shaddai. Nauutal man, nauunawaan pa rin siya ng kanyang mga kasapi. Sabi nga niya noong Pebrero 4, "kaya kahit bulol ako. Ako'y naniwalang kasama natin ang Diyos."[82]

### Memorya

Hindi masasabing kinakabisa ni Velarde ang kanyang healing message dahil madalas may outline siyang ginagamit at ang pagpapaliwanag niya sa bawat password ay impromptu na. Totoo na may paghahanda siyang ginagawa ngunit hanggang doon na lamang iyon dahil nananiwala siyang sinasamahan

78 Delta Broadcasting System Inc., *DWXI 1314 AM Livestream*, timestamp 4:14:00.

79 Delta Broadcasting System Inc., *DWXI 1314 AM Livestream*, timestamp 4:01:43.

80 Delta Broadcasting System Inc., *DWXI 1314 AM Livestream*, timestamp 1:40:06.

81 Kennedy, *Aristotle: On Rhetoric*, 33.

82 Delta Broadcasting System Inc., *DWXI 1314 AM Livestream*, timestamp 4:32:18.

siya ng Diyos. Tumutukoy rin ito sa kakanyahan ng tagapagsalita na maalala ang kaniyang ibig na iparating sa mga tagapakinig[83]. Sa limang bidyo na sinuri, kakikitaan si Velarde na alam niya ang kaniyang sinasabi kahit na wala ito sa kanyang binabasang awtlayn.

Sa limang prinsipyo, naging konsistent si Velarde sa paggamit ng Imbensyon, Presentasyon, at Memorya. Samantalang, sa istruktura at istilo kung papaano siya nangangaral ay hindi gasinong konsistent.

Kapansin-pansin na sa imbensyon na tunay ngang pinaghandaan ni Bro. Mike ang kaniyang talumpati. Masinsin niyang inangkop ang mga titik ng HEART sa serye ng kaniyang mensahe. Mahusay ding nailapat ang mga musika na sumasalamin sa ibig niyang iparating sa mga tagapakinig. Konsistent siya sa paggamit ng password, suportang teksto mula sa bibliya, sa mga awit na dagdag sa pagpapalalim at sa kaniyang kuwento na naka-angkla sa pangunahing mensahe. Gayundin, napansin ng mananaliksik ang konsistensi sa paraan ng kaniyang presentasyon: naka-upo at binabasa ang bible verse sa kaniyang inihandang awtlayn. Malaking salik nito ang kaniyang pisikal na limatasyon. Gayunpaman, hindi ito naka-apekto para hindi siya pakinggan ng tao. Kaalinsabay nito, konsistent din si Velarde sa memorya dahil kahit may awtlayn siyang binabasa, ang pagpapalalim, pagpapalinaw, at pagpapalawak ng kaniyang mga punto ay mula sa kaniyang sariling karanasan.

Gayunpaman, mapapansin ang hindi niya pagiging konsistent sa istruktura at istilo. Sa tatlong magkasunod na Sabado, nagsisimula siya sa kanta, sinusundan ng  kaugnayan nito sa kaniyang healing password, at nagtatapos sa pagpapalalim bago tumungo sa susunod na punto, napansin noong Enero 28, na naging iba ang istruktura dahil pinakanta muna ang apat na awitin matapos nito ay pinahulaan niya sa mga tagapakinig ang apat na salita mula sa apat na kanta, at matapos nito, doon pa lang niya inilahad ang kaniyang healing password at pagpapaliwanag dito. Sabi niya: Huhulaan ninyo ang bawat awitin, kung anong represented yan ng awit sa letter R ng password natin. Napansin din ang hindi konsistent sa estilo na kaniyang ginamit. Batay kay Aristotle, ito ay ang paggamit ng metapora sa kabuoan ng talumpati para madaling maunaawan ng kaniyang mga tagapakinig. Noong Pebrero 4, walang metapora ang napalitaw at napansin ding nagbago ang estruktura ng kaniyang talumpati dahil matapos ang pagpapakanta, binabasa ng isa sa mga miyembro ng choir ang liham-patotoo mula sa kaniyang mga tagasunod. Sa ganitong diwa, ang naging estruktura na ng kaniyang talumpati ay ganito: awit, pagpapatotoo, pagtukoy sa password, paggamit ng bible verse para suportahan ito, at ang kaniyang pagpapaliwanag. Ang estrukturang ito ang sinusundan magpahanggang sa kasalukuyan.  Ang

83 Kennedy, *Aristotle: On Rhetoric*, 35.

nakikitang dahilan dito ng mananaliksik ay dahil may mga patotoo na sa kada matatapos ang kanta at mula roon ay maaari nilang maikonekta ang kaugnayan nito sa kanilang buhay.

## Retorikal na Dulog at Tenet at ang Kahusayan ng mga Talumpati ni Velarde

Sa bahagi na ito, ipapakita kung papaano maipapaliwanag gamit ang dulog at tenet ni Aristotle ang kahusayan ni Velarde bilang isang mananalumpati. Ipinababatid na paunang pag-aaral pa lang ito kaya nakadelimita muna ang sakop ng pag-aaral sa limang Sabado at serye ng HEART na kaniyang mensahe sa unang buwan ng taong 2023.

Ang paglaganap ng samahang El Shaddai sa loob ng apat na dekada ay sumasalamin sa estilo ni Mike Velarde sa kaniyang pagtatalumpati. Patuloy ang pagtangkilik ng masa rito dahil makamasa rin naman ang timpla ng mensahe ni Velarde. Sa ganitong konteksto sasagutin ang tanong na: Paano mailalarawan gamit ang dulog at tenet ang kahusayan ng talumpati ni Velarde? Ipapaliwanag muna ang dulog bago pumunta sa tenet.

Sang-ayon sa Aristotelyanong pananaw, mabisang nagagamit ni Velarde sa kaniyang talumpati ang Ethos, Pathos, at Logos. Maliwanag na kapani-paniwala ang kaniyang ipinahahayag sa entablado dahil bukod sa may kuwento Siya, naka-angkla rin ang patunay sa Bibilya. Tanda ito na alam niya ang kaniyang sinasabi at ito ang nagdudulot para patuloy siyang pagkatiwalaan ng mga tao. Bagaman, hindi naman talaga siya nagtapos ng kurso sa Teolohiya, naniniwala pa rin ang mga tao sa kaniya, at batay sa resulta ng pag-aaral, ang Pathos ang nakikitang dahilan nito. Matagumpay niyang nakukuha ang loob ng kaniyang mga tagapakinig dahil tumutugma ang mga awitin, kuwento, at patotoo sa mga pinagdaraanan nila sa buhay. Halimbawa: sa huling bahagi ng talumpati niya sinabi niya: " Lahat ng may karamdaman ngayon ay magaling na. Lahat ng gumaling, tumalon ng pito. Lahat ng mayaman, tumalon ng pito. Lahat ng mayroon at wala, tumalon ng pito. Sa ganitong konteksto, hindi mapasusubalian ang impluwensiya niya sa mga tagapakinig—anuman ang sabihin niya, ginagawa ng mga tagasunod niya.[84]

Sa aspekto ng Logos, Ginagamit niya ang mga prinsipyong madaling maunawaan upang ipabatid na ang mga himala ay maaaring mangyari kung may pananampalataya sa Diyos. Ang lohikal na pag-uugnay ng mga imposible sa kapangyarihan ng Diyos ay nagbibigay ng malinaw na paliwanag sa mga tagapakinig. Napansin din na hindi niya ginagawang komplikado ang kaniyang talumpati, kaya naman bunga nito, napapasunod niya ang mga tao.

84 Delta Broadcasting System Inc., *DWXI 1314 AM Livestream*.

Kapag gagamitin naman ang tenet ng retorika ni Aristotle para ilarawan ang kaniyang talumpati, masasabi na konsistent siya Imbensyon, Presentasyon at Memorya. Samantalang nakita na hindi siya konsistent sa Istruktura at Istilo ng kaniyang talumpati. Nakikita ng mananaliksik sa ngayon na kaya may kakulangan sa konsistensi ng istruktura at istilo ay dahil nasa proseso Siya ang adjustment. Matatandaan na bunsod ng kaniyang limitadong pagkilos, kinakailangan ding mag-adjust ang kaniyang istruktura at istilo. Gayunpaman, mahalaga rining tingnan na ang tatlong konsistent niya ay nakasentro pa rin sa kaniyang awdiyens.

Samakatuwid, kapag pagbabanggain ang retorikal na dulog at tenet ni Velarde, makikita na kaya ang Pathos ang pinakadominante sa kaniyang mga talumpati ay dahil sa pagiging konsistent niya sa tatlong tenet ang imbensyon, presentasyon at memorya. Ang kahusayan ni Bro. Mike ay sinasalamin ng kaniyang masinsinang paghahanda at pagninilay para maging epektibo ang kaniyang mensahe sa mga nakikinig. Sentral ang proseso ng pagpaplano sa imbensyon. Ibig sabihin, planado ni Velarde kung papaano niya ipapahyag ang kaniyang mensahe sa paraang mahahagip niya ang emosyon at puso ng mga tagasunod niya sa El Shaddai.

## KONGKLUSYON

Batay sa resulta ng pag-aaral na ito, napatunayan ng mananaliksik na ang masining na paggamit ni Velarde ng retorika ang tinitingnang isa sa mga salik kung bakit naging matagumpay ang samahang El Shaddai sa apat na dekadang pagpapalaganap niya ng salita ng Diyos. Napatunayan din na ang retorikal na dulog ni Aristotle ay makikita sa pagpoporma niya ng kaniyang talumpati. Sa tatlong dulog na ito, ang pinakalumilitaw ay ang paggamit niya ng Pathos kung saan nakahulma ang kaniyang mensahe para abutin ang puso at emosyon ng kaniyang mga tagapakinig na kalaunan ay magkaroon ng pagbabago sa buhay. Samanatala, ginagamit naman ang ethos at logos para sa pagpapalalim at pagpapatunay ng kaniyang sinasabi. Natuklasan din na konsistent si Bro. Mike sa paggamit ng tenet ni Aristotle kaya nagiging matagumpay ang timpla niya sa mensahe. Napatunayan na sa limang tenet na ito, konsisten siya sa imbensyon, presentasyon, at memorya na nakatulong para maabot niya ang puso ng sambayanang El Shaddai.

Sa pagtatapos ng pag-aaral, mahihinuha sa ngayon na dahil Pathos ang lumitaw sa pag-aaral, puso ang pangunahing pakay ni Velarde na abutin upang sila ay makapag-bagong buhay. Bagaman may ethos naman na humahagip sa kaniyang kredibilidad, ang nakikita sa ngayon ng mananaliksik na kung ito at logos ang palaging paiiralin, baka hindi siya makababa sa masa at hindi maging

samahan ng El Shaddai ang samahang El Shaddai. Ang tagumpay ng El Shaddai ay nakasalig sa maka-pusong pamamaraan ni Velarde.

Sang-ayon sa mga napatunayan ng mananaliksik, inaasahan ang mga sumusunod na paksang maaari pang bigyang espasyo sa pagpapakapal pa ng literatura ukol sa araling El Shaddai: 1.) pagsasaperyodisasyon ng istilo ng talumpati ni Velarde; 2.) gamitin pa rin si Aristotle para naman suriin ang retorika niya noong dekada 90; 3.) gamitin pa rin si Aristole para sipatin ang talumpati niya mula 2000-2010; 4.) gamitin pa rin si Aristole para aralin ang talumpati niya mula 2010-2020; at 5.) mula sa iba't ibang panahon na ito, magkaroon ng komparatibong pagsusuri at tingnan ang mga pagbabago sa kaniyang retorikal na dulog at retorikal na tenet ni Aristotle. Makatutulong kung pagbabanggain ang mga ito sa isa't isa para maugat ang retorikal na dulog ni Bro. Mike. Inaasahan na hindi ito ang unang pagtatangkang aralin ang masining na pagpapahayag ni Velarde, bagkus magbukas ito ng espasyo sa pagpapalawak pa ng retorika sa mga relihiyosong lider sa Pilipinas.

## BIBLIOGRAPIYA


Ahmad, Nyarwi. 2021. "Presidential Rhetoric in the COVID-19 Pandemic Era: Jokowi's Aristotelian Rhetorical Leadership Models before and after Implementation of Semi-Lockdown Policy." *Journal of CommunicAsia Ikatan Sarjana Komunikasi Indonesia* 6, no. 1 (June): 72–83. https://doi.org/10.25008/jkiski.v6i1.538.

Araw, Anna Marissa, and Anna Clarissa Araw. 2021. "A Study on the Extent of Participation of the Members of the El Shaddai Movement." *Animo Repository*. 2021. https://animorepository.dlsu.edu.ph/etd_bachelors/16549.

Brown, Peter. 2000. *Augustine of Hippo: A Biography (New Edition, with an Epilogue)*. University of California Press.

Calonge, Lilibeth A., and Ismael N. Talili. 2016. "Rhetorical Discourse Analysis of State of the Nation Address of Select Philippine Presidents." *JPAIR Multidisciplinary Research* 25, no. 1 (June). https://doi.org/10.7719/jpair.v25i1.393.

Cooper, Lane. 1932. *The Rhetoric of Aristotle*. New York: Appleton-Century-Crofts.

Delta Broadcasting System Inc. 2023. "DWXI 1314 AM Livestream (Monday - January 9, 2023) #Playback." YouTube. Last modified January 8, 2023. Accessed December 4, 2024. https://www.youtube.com/watch?v=xR8PeNRYvxA.

Delta Broadcasting System Inc. 2023. "DWXI 1314 AM Livestream (Saturday - January 14, 2023) #SaturdayfamilyappointmentwithElShaddai."YouTube. Last modified January 14, 2023. Accessed December 4, 2024. https://www.youtube.com/watch?v=AXtMDUDNm_g.

Delta Broadcasting System Inc. 2023. "Family Appointment with EL SHADDAI Feb. 4, 2023 Sat." YouTube. Last modified February 4, 2023. Accessed December 4, 2024. https://www.youtube.com/watch?v=-nAOeHbQMZo.

Delta Broadcasting System Inc. 2023. "Family Appointment with EL SHADDAI Jan. 21, 2023 Sat." YouTube. Last modified January 21, 2023. Accessed December 4, 2024. https://www.youtube.com/watch?v=95toe1NR0iM.

Delta Broadcasting System Inc. 2023. "Family Appointment with EL SHADDAI Jan. 28, 2023 Sat." YouTube. Last modified January 28, 2023. Accessed December 4, 2024. https://www.youtube.com/watch?v=w7Eu3xrZ0tc.

Demeterio, Feorillo P., III. 2010. "Mga Anyo at Antas ng Pag-Asa na Nakapaloob sa mga Diskurso ng Kilusang El Shaddai." *MALAY* 22, no. 2: 19–42. https://ejournals.ph/article.php?id=7966.

Francisco, Jose Mario. 2010. "Mapping Religious and Civil Spaces in Traditional and Charismatic Christianities in the Philippines." *Festschrift in Honor of Fr. John N. Schumacher, S.J.* 58, no. 1/2: 185–221.

Garver, Eugene. 2009. "Aristotle on the Kinds of Rhetoric." *Rhetorica* 27, no. 1 (February): 1–18. https://doi.org/10.1525/rh.2009.27.1.1.

Gorospe-Jamon, Grace. 1999. "The El Shaddai Prayer Movement: Political Socialization in a Religious Context."

Griffin, Emory. 2009. "Chapter 22: The Rhetoric of Aristotle." In *A First Look at Communication Theory*, 8th ed., 290–317. McGraw-Hill Education.

Grimaldi, William. 2020. "Studies in the Philosophy of Aristotle's Rhetoric." *Routledge EBooks*, November: 15–31. https://doi.org/10.4324/9781003059240-3.

Hallen, Cynthia. 2017. "Rhetoric for English Language Learners: Language Features of Five Latter-Day Saint Devotional Talks." *Res Rhetorica* 4, no. 2 (July): 45–60. https://doi.org/10.29107/rr2017.2.4.

Huang, Chaohua, Shaoshuang Zhuang, Ziyuan Li, and Jingke Gao. 2022. "Creating a Sincere Sustainable Brand: The Application of Aristotle's Rhetorical Theory to Green Brand Storytelling." *Frontiers in Psychology* 13 (June). https://doi.org/10.3389/fpsyg.2022.897281.

Kennedy, George. 1991. *Aristotle, on Rhetoric: A Theory of Civil Discourse*. New York: Oxford University Press.

Kessler, Christl, and Jürgen Rüland. 2006. "Responses to Rapid Social Change: Populist Religion in the Philippines." *Pacific Affairs* 79, no. 1 (June): 73–96. https://doi.org/10.5509/200679173.

Latosa, Augustus Ceasar Destura. 2020. "Grace Padaca's Rhetoric of the 2004 Gubernatorial Race." *University of the Philippines Digital Repository*. 2020. https://tuklas.up.edu.ph/Record/UP-99796217610441804.

Limbo, Ranny. n.d. "Bisyon at Misyon ng El Shaddai." Letter to Joven Makiling.

Littlejohn, Stephen. 2008. *Theories of Human Communication*. Edited by Karen Foss. Wadsworth Publishing Company.

Lord, Canes. 2011. "The Intention of Aristotle's 'Rhetoric' Hermes." 2011.

Makiling, Joven. n.d. "Pamamahala at Pagpapala: Pagninilay sa Apat na Dekadang Pamamahala ni Bro. Mariano 'Mike' Velarde sa Samahang El Shaddai." *NRCP Research Journal* 24 (1): 115–132. https://researchjournal.nrcp.dost.gov.ph/client/ejournal/article/144.

Mercado, Leonardo. 2001. "El Shaddai: A Study." 1–40.

Meyer, Michel. 2018. "Aristotle's Rhetoric." *Revue Internationale de Philosophie* 72, no. 284 (2): 131–38. https://doi.org/10.2307/26863717.

Pinzon, Mary Jannette. 2024. "UP Press Online Store." *UP Press Online Store*. 2024. https://press.up.edu.ph/store/books/view_item/115.

Raissouni, Iman. 2020. "The Language of American Political Discourse: Aristotle's Rhetorical Appeals as Manifested in Bush's and Obama's Speeches on the War on Terror." *International Journal of Linguistics, Literature and Culture* 6, no. 4 (May): 38–48. https://doi.org/10.21744/ijllc.v6n4.904.

Robinson, Zoë. 2015. "Lobbying in the Shadows: Religious Interest Groups in the Legislative Process." *Emory Law Journal* 64, no. 4 (January): 1041. https://scholarlycommons.law.emory.edu/elj/vol64/iss4/2/.

Samboang, Mishare, Joy Leonice Olandria, Aimhe Ordonio, Keith Zabate, Regine May Dogelio, Rosabel Esgapo, and Haya Jane Elan. 2024. "The Interplay of Aristotle's Rhetorical Triangle in Sangguniang Kabataan Political Campaign Speeches: A Rhetorical Discourse Analysis." *Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal* 17, no. 10: 1073–82. https://doi.org/10.5281/zenodo.10830840.

San Juan, David Michael, Crizel De Laza, Anna Lissa Gonzales, Edna Martinez, Liza Llorando, Jocelyn Cuchapin, Clarita Caja, and Imelda Carada. 2009. "Batayang Kaalaman Sa Mga Teorya Sa Pananaliksik Na Akma O Mula Sa Lipunang Filipino." *Sangandaan: Filipino Sa Iba't Ibang Disiplina*, 93.

Sayre, Shay. 2001. *Qualitative Methods for Marketplace Research*. Thousand Oaks, CA: SAGE Publications, Inc. https://doi.org/10.4135/9781412985543.

Steen-Johnsen, Tale. 2020. "The Rhetoric of Love in Religious Peacebuilding." *Journal of Contemporary Religion* 35, no. 3 (September): 433–48. https://doi.org/10.1080/13537903.2020.1810972.

Sypert, John. 2015. "Redeeming Rhetoric: Augustine's Use of Rhetoric in His Preaching Ministry." *Eleutheria: John W. Rawlings School of Divinity Academic Journal* 4, no. 1 (May): 18–34.

Tantengco, Hershey Ma. 2020. "A Rhetorical Analysis of the Homilies of Fr. Andrew P. Batayola, O.S.A. Using St. Augustine's Rhetorical Principles." *University of the Philippines Digital Repository*. 2020. https://tuklas.up.edu.ph/Record/UP-99796217612317763.

Toth, Tamas, and Jacint Farkas. 2019. "The Terminologies of Two Religious Leaders Rhetoric about Communities in Pope Francis' and Dalai Lama's Tweets." *European Journal of Science and Theology* 15, no. 5 (October): 159–78.

Velarde, Mariano. 1997. "General Pastoral Guidelines and Omnibus Administrative Code for Service Volunteer Worker." 8–9.

Velarde, Mariano. 2009. "A Healing and Renewal Miracle." In *With El Shaddai Miracles Are Forever*, 41–43. Manila: El Shaddai DWXI-Prayer Partners Fellowship International, Inc.

Wiegele, Katharine. 1997. *Investing in Miracles: El Shaddai and the Transformation of Popular Catholicism in the Philippines*. Honolulu: University of Hawaii Press.

## TALA SA MAY AKDA

Si Joven B. Makiling ay naglilingkod bilang Tagapangulo ng Departamento ng Komunikasyon sa ilalim ng Linangan ng Sining at Disenyo (IAD) ng Unibersidad ng Makati. Siya ay kandidato para sa Doktor sa Pilosopiya sa Araling Filipino, may espesyalisasyon sa Wika, Kultura, at Midya, sa Pamantasang De La Salle–Manila. Sa tatlong taon niyang pagbabad sa samahang El Shaddai, nailuwal niya ang disertasyong pinamagatang Ang Entablado bilang Banal na Espasyo: Pagdalumat sa mga Ritwal Pangkabanalan ng Samahang El Shaddai. Masinsin niyang tinalakay dito ang kasaysayan, mga ritwal, at kabuluhan ng mga ito sa buhay ng mga deboto ng El Shaddai. Bukod sa pag-aaral tungkol sa samahang El Shaddai, nakatuon din ang kanyang mga pananaliksik sa pananampalatayang Pilipino, pagmamapang kultural, at wikang Filipino.